

## **Ipagdiwang ang Emancipation Day kasama ang Lungsod sa Agosto 1**

BRAMPTON, ON (Hulyo 15, 2022) – Iniimbitahan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente na ipagdiwang ang Emancipation Day (Araw ng Emansipasyon), na kinilala sa buong mundo bilang araw para gunitain ang pagtanggap ng pang-aalipin sa mga taong nagmula sa Aprikano, sa Lunes, Agosto 1.

Sa taon na ito, upang gunitain ang anibersaryo ng Emancipation Park at ng Emancipation Day, naghost ang Lungsod ng isang Caribbean Festival sa Emancipation Park mula tanghali hanggang 8 pm. Ang mga pupunta sa event ay mag-i-enjoy sa mga food vendors, sa isang Caribbean Crafters Market, live entertainment at mas marami pa.

Unang kinilala ng Lungsod ang Emancipation Day noong 2020 sa pagbibigay ng ibang pangalan ng Dixie 407 Sports Park tungo sa Emancipation Park, na nagtatampok sa maliliit at malalaking minor at major soccer pitches, at cricket grounds. Sa taon na ito, iniimbitahan ng Lungsod ang lahat na kilalanin ang heritage at kalayaan ng Caribbean at ang mga ambag ng komunidad ng Black sa Brampton, it ipagdiwang ang diverse Mosaic ng lungsod sa isang araw ng sining, kultura, pagkain at komunidad.

Alamin ang mas marami pa tungkol sa event sa [Brampton.ca](http://Brampton.ca).

### **Mga Quote**

“Ang Mosaic ng Brampton ang dahilan na ang ating lungsod ay napaka-unique at isang bagay para ipagdiwang nating lahat. Iniimbitahan naming ang mga residente na sumama sa amin sa Emancipation Day sa Agosto para sa isang araw ng sining, kultura, pagkain at komunidad, at para kilalanin ang heritage at kalayaan ng Caribbean at ang mga ambag ng komunidad ng Black sa Brampton. Magkasama, gugunitain natin ang nakalipas habang nagsisikap tungo sa patas at pantay na kinabukasan para sa lahat.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay committed sa pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay at pagsasali sa lahat, kapwa sa lugar ng trabaho at sa ating komunidad. Iniimbitahan namin ang mga residente na sumama sa amin sa ating Emancipation Day event para makilahok sa mga pag-uusap at ipagdiwang ang kultura ng Black at ang komunidad ng Black sa Brampton.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

“Ang Emancipation Day ay kinikilala para gunitain ang pagtanggap ng pang-aalipin sa mga tao na nagmula sa lahing Aprikano mula sa British Empire. Mula nang magkabisang batas sa Agosto 1, 1834, ito ay naging isang araw ng pagnilay-nilay sa pagkahiwa-hiwalay ng Aprikano at ng black, at isang pagdiriwang sa heritage at kultura. Nagbibigay rin ito ng pagkakataon na ipagpatuloy ang mahalagang mga pag-uusap tungkol sa pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, pagsasali sa lahat at kontra-rasismo. Mahalagang pansinin na ang Upper Canada (Ontario) noong 1793 ay nagpasa ng Batas para unti-unting wakasan ang kagawian ng pang-aalipin, at karamihan sa mga lalawigan ng Canada ay nagpasa ng kani-kanilang sariling mga lehislasyon na nagbabawal sa pang-aalipin bago

ang 1834. Sumama sa amin sa Emancipation Day event para ipagdiwang ang to heritage at kalayaan ng Aprikano at Caribbean, ipagdiwang ang pagkakaiba-iba sa Brampton at kilalanin ang maraming sakripisyo na ginawa para burahin ang pang-aalipin sa Canada at sa buong mundo.”

- Michele Byrne, Manager, Equity Office, Lungsod ng Brampton

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)